**GAWAD SWF 2025**
**Natatanging Proyekto sa Filipino**

## Introduksiyon

Ang **GAWAD SWF *Natatanging Proyekto sa Filipino*** ng Sentro ng Wikang Filipino – Unibersidad ng Pilipinas Diliman (SWF-UPD) ay iginagawad sa mga proyekto sa Unibersidad na tumatangkilik at nagtataguyod ng wikang Filipino.

Pangunahing layunin nito na kilalanin ang mga pagsisikap sa pagsusulong ng wikang Filipino mula sa itinataguyod na proyekto ng yunit.

### 1. Kalipikasyon

Kalipikado para sa nominasyon ang mga proyekto na may sumusunod na katangian:

1.1 Proyekto ng anumang yunit, opisina, kolehiyo, o organisasyong pang-mag-aaral sa UP Diliman na tumatangkilik o nagtataguyod ng wikang Filipino.

1.2 Nagpapatuloy o naisagawa na ang proyekto bago ang simula ng pagtanggap ng nominasyon.

### 2. Panuntunan sa Pagpapasa ng Nominasyon

2.1. Maaaring magnomina ang mga opisina at sinumang kawani, REPS, guro, at mag-aaral ng UP Diliman.

2.2. Isumite sa Nominasyon ng Gawad SWF Natatanging Proyekto sa Filipino ang sumusunod na kahingian:

2.2.1. Sinagutang Pormularyo ng Nominasyon na may lagda ng pagsang-ayon mula sa namumuno/proponent ng nominadong proyekto.

2.2.2. Mga lakip na dokumentasyon bilang patunay sa mga naitala sa pormularyo katulad ng mga larawan, sertipiko o sertipikasyon, aprobadong proposal, at iba pa na nakatipon sa iisang PDF File.

2.3. Ang hindi pagsunod sa mga panuntunan sa pagpapasa ng nominasyon ay awtomatikong mapapawalang bisa o diskwalipikasyon.

**2.4.** Ang huling araw ng pagpapasa ng nominasyon ay sa **31 Hulyo 2025, Huwebes, 5:00 nh.**

## 3. Pamantayan/Kriterya sa Pagpili

3.1. Ang mga entry ng nominasyon ay tatasahin sa sumusunod na pamantayan o kriterya:

| Kriterya | Mga Palatandaan at Marka |
|---|---|
| A. Makabuluhang ambag ng proyekto sa pagsasakatuparan ng Patakarang Pangwika ng UP | Nagpapalaganap at tumatangkilik sa paggamit ng wikang Filipino sa implementasyon ng proyekto—pagtuturo, saliksik, publikasyon, malikhaing produksiyon, opisyal na komunikasyon, pagtatanghal, at iba. |
| B. Maka-Filipino at Interdisiplinaryong Lapit ng Proyekto | B.1. Nagpapalakas at nagsusulong ng pag-aaral at pagtatampok ng wikang Filipino sa iba't ibang disiplina.<br>B.2. Napag-uugnay ang halaga at gamit ng wikang Filipino sa iba't ibang larang.<br>B.3. May interdisiplinaryong lapit sa implementasyon ng proyekto—kolaborasyon/pagtutulungan ng mga eksperto sa wika at mga eksperto sa iba |

| | |
|---|---|
| | pang disiplina sa pagsasakatuparan ng layunin ng proyekto.<br>B.4. Tumutugon sa pangangailangan at kapakinabangan ng komunidad o lipunan. |
| C. Matapat na agapay ng proyekto sa mga mananaliksik, manunulat, tagapaglathala, at tagapagtaguyod ng wikang Filipino | C.1. Nagbibigay ng suporta at tulong sa mga tumatangkilik sa wikang Filipino sa pamamagitan ng mga grant, pagsasanay, paglalathala, pananaliksik, pagpapatnubay, estandardisasyon, palihan, at iba pa.<br>C.2 May mga binubuo o inilalatag na bagong plataporma, metodo, kagamitan, at materyales para sa mga iskolar, manunulat, mananaliksik, mag-aaral, at guro na gumagamit ng wikang Filipino. |
| D. Mabisang mekanismo ng pagtatasa sa tagumpay ng proyekto tungo sa patuloy na pagpapahusay at pagpapalaganap nito | D.1 May isinasagawang mga dokumentasyon, ebalwasyon, sarbey, baseline at endline monitoring, at iba pang mga pamamaraan para sa patuloy na pagpapahusay ng implementasyon nito sa hinaharap.<br>D.2 May pagsisikap na mainstitusyonalisa ang proyekto sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa iba't ibang yunit o organisasyon sa loob at labas ng UP. |

3.3. Kung sakaling may iba pang kahingian at kinakailangan ang lupon ng hurado, maaari itong magpatawag ng panayam at/o humingi ng karagdagang mga dokumentasyon.

3.4. Mula sa pagsusuri ng mga nominasyon, hihirangin ang mga finalist at makatatanggap ang mga ito ng liham pabatid at liham paanyaya sa *Paglulunsad at Paggawad 2025*.

3.5. Inaasahan ang pagdalo ng mga finalist sa araw ng *Paglulunsad at Paggawad 2025*, panapos-programa ng Buwan ng Wika ng SWF-UPD sa 29 Agosto 2025, para sa pormal na pagkilala sa mga gagawaran.

3.6. Ang desisyon ng lupon ng hurado sa pagpili ng gagawaran

ay pinal at hindi maipaghahabol.

4. **Lupon ng mga Hurado**

Hihirangin ng SWF-UPD ang mga miyembro ng Lupon ng Hurado, na susuri sa mga nominasyon at pipili sa *Natatanging Programa at Proyekto sa Filipino*. Binubuo ito ng limang (5) miyembro o kinatawan na magmumula sa SWF-UPD at iba pang yunit/opisina sa UP Diliman.

5. **Premyo**

Makatatanggap ang hihirangin na GAWAD SWF *Natatanging Programa/Proyekto sa Filipino* ng:

a. Sertipiko ng Pagkilala
b. Tropeo ng Gawad SWF
c. Insentibong nagkakahalagang Php 30, 000

Para sa iba pang detalye o katanungan, maaaring mag-iwan ng mensahe kay Gng. Katherine T. Jayme sa email na <ktjayme@up.edu.ph> o tumawag sa telepono: VOIP Local 4583.